



PROGRAMA NG DISCOUNT CARD NG REGIONAL TRANSIT CONNECTION (RTC)

KARAGDAGANG CLIPPER CARD

PARA SA TAGAPAG-ALAGA

(ATTENDANT SUPPLEMENTAL CLIPPER CARD)

MGA TAGUBILIN SA APLIKASYON

Ang mga tagapag-alaga ay nagiging kwalipikado para sa may diskuwentong pamasaha kapag bumibiyaha na may kasamang mga may-ari ng card ng RTC na nasertipikahan bilang karapat-dapat sa tulong ng tagapag-alaga. Ang isang may-ari ng RTC card ay maaaring mag-aplay para sa isang “Attendant Supplemental” RTC/Clipper card na magagamit na pambayad sa pamasaha ng tagapag-alaga kapag sinasamahan ang isang may-ari ng RTC card. Ang “Attendant Supplemental” na card ay ipinagkakaloob para sa isang may-ari ng RTC card na responsable sa pangangalaga at sa wastong paggamit nito. Ang card ay hindi maaaring gamitin ng sinuman maliban sa tagapag-alaga at magagamit lamang kapag bumibiyaha na kasama ng may-ari ng RTC card. Anumang maling paggamit ng card ay magresulta sa permanenteng pagkawala ng pribilehiyo ng tagapag-alaga sa card. Ang maling paggamit ng card ng tagapag-alaga ay maaaring ituring na pag-iwas sa pagbabayad ng pamasaha at magresulta sa isang sitasyon at multa.

Mga Alituntunin sa Paggamit ng Supplemental Attendant Card

1. Ang may-ari ng RTC card lamang ang tanging may responsibilidad sa pag-iingat at wastong paggamit ng card ng tagapag-alaga.
2. Ang card ay magagamit lamang ng tagapag-alaga na pambayad sa pamasaha kapag bumibiyaha na kasama ng isang karapat-dapat na RTC card.
3. Ang kasaysayan ng pagbiyahe ng parehong card ay maaaring masubaybayan upang matiyak ang paggamit, iyon ay, bawat pagbiyahe gamit ang card ng tagapag-alaga ay may kasabay na eksaktong biyahe ng isang may-ari ng RTC card. WALANG EKSEMPYON!
4. Ang pribilehiyo ng card ng tagapag-alaga ay permanenteng pawawalang-saysay kung gagamitin nang mali ang card.

Kung naiso ninyo ng isang “Attendant Supplemental” card, mangyaring kumpletuhin ang aplikasyong ito. Maaari ninyo itong ipadala sa pamamagitan ng koreo sa:

RTC Attendant Card
P.O. Box 70040 Oakland,
CA 94612-0040

Kung kayo ay magiging kwalipikado, pagkakalooban kayo ng isang “Attendant Supplemental” RTC/Clipper Card na mayroong petsa nang pagkawala ng bisa na kapareho ng petsa na nasa inyong RTC Discount ID Card. Mangyaring huwag magpadala ng pera sa koreo. Ang mga aplikasyon na may kasamang pera ay ibabalik sa inyo. Kung kailangan talaga na pera ang inyong ipambayad, mangyaring mag-aplay sa inyong lokal na ahensya ng transit. Maglaan ng 21 araw bago maipadala sa inyo ang inyong card sa pamamagitan ng koreo. *Kung kayo ay magre-renew ng inyong card nang kasabay nito, mangyaring tandaan na ang Attendant Card ay nililimbag nang nakahiwalay at maaaring dumating nang mas matagal kaysa inyong card.*



PROGRAMA NG DISCOUNT CARD NG REGIONAL TRANSIT CONNECTION (RTC)
KARAGDAGANG CLIPPER CARD
PARA SA TAGAPAG-ALAGA
 (ATTENDANT SUPPLEMENTAL CLIPPER CARD)

Ang card na ito ay magagamit ng mga may-ari ng RTC Card na nakumpirma nang isang medikal na propesyonal na nangangailangan ng isang tagapag-alaga kapag bumibiyaha gamit ang pampublikong transit. Ang mga kasalukuyang kumpirmado na may-ari ng RTC Discount ID Card ay may simbolo ng tagapag-alaga na makikita sa kanilang kasalukuyang card. Ang card na ito ay magagamit lamang ng tagapag-alaga ng may-ari ng card at kapag sinasamahan lamang ang isang may-ari ng RTC Card. Ang paggamit ng card na ito nang hindi kasama ang isang may-ari ng RTC Card ay hayagang ipinagbabawal.



NUMERO NG RTC ID _____

ANG NUMERO NA ITO AY MAKIKITA SA INYONG ID CARD DIREKTA SA ITAAS NG INYONG PANGALAN. NAGSISIMULA ITO SA ISANG TITIK AT MAY KASUNOD NA PITONG NUMERO.

PANGALAN _____

ISULAT ANG PANGALAN AYON SA NAKIKITA SA INYONG CARD.

ADRES SA KOREO _____

NUMERO NG APARTMENT

LUNGSOD

ESTADO

ZIP CODE

NUMERO NG TELEPONO SA ARAW

PETSA NG KAPANGANAKAN
MM/DD/TTT

Ang nais kong paraan/pormat ng komunikasyon ay: Koreo ng Estados Unidos
 Braille (ipadadala sa koreo) Email

Pinatutunayan ko na papayagan ko ang aking tagapag-alaga na gamitin lamang ang card na ito kapag siya ay naglilingkod bilang aking tagapag-alaga tuwing bumibiyaha at ginagamit ko ang aking RTC/Clipper card upang bayaran ang aking pamasaha. Naiintindihan ko na ang anumang maling paggamit ng card na ito at ng mga benepisyo nito ay magreresulta sa permanenteng pagkawala ng ng pribilehiyo ng card ng tagapag-alaga. Dagdag pa rito ay naiintindihan ko na ang hindi awtorisadong paggamit ng card na ito ay maaaring ituring na isang pag-iwas sa pagbabayad ng pamasaha at magreresulta sa isang sitasyon at multa sa tagapag-alaga.

INYONG LAGDA _____

Petsa Ngayon

To be filled out by agency personnel/Pupunan ng kawani ng ahensya

VERIFY CLIENT ID/KUMPIRMAHIN ANG ID NG KLIYENTE _____ Transit Agency/Ahensya ng Transit: _____

Note/Tala: _____

**DO NOT CREATE INTAKE – FOLLOW ALTERNATE INSTRUCTIONS/
 HUWAG GUMAWA NG BAGO – SUNDAN ANG ALTERNATIBONG TAGUBILIN**